ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 3| March 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGGALUGAD SA MGA ESTRATEHIYA NG MGA GURO SA FILIPINO SA PAGSULAT NG SARILING KATHANG *STORYBOOK*: ISANG KWALITATIBONG PAG-AARAL

**Heide Mae S. Tero, LPT[1], Susan B. Dipolog, PhD[2]**
*[1]ORCID No. 0009-0002-2143-4505*
*Teacher I, Mati National Comprehensive High School, Sainz, Mati City, Davao Oriental, Philippines*
*[2]ORCID No. 0009-0008-9069-5956*
*Instructor, University of Mindanao, Tagum City, Davao del Norte Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra16266**
**DOI No: 10.36713/epra16266**

**ABSTRAK**

*Ang layunin ng kwalitatibong pananaliksik na ito ay galugarin ang mga estratehiya ng mga guro sa Filipino sa pagsulat ng sariling kathang storybook sa Sangay ng Mati, Davao Oriental. Ito ay partikular na tutuklas sa mga estratehiya ng mga guro sa Filipino sa pagsulat ng sarili kathang storybook, mga hamon na kinakaharap dahil sila ay nagtuturo sa elementarya ngunit nakapagtapos ng pangsekundarya, at kanilang mithiin at adhikain. Saklaw ng pananaliksik na ito ang karanasan ng labing-apat (14) na mga guro sa Filipino ng Sangay ng Mati, Davao Oriental at nakatuon ang pananaliksik sa kanilang karanasan sa paglapat ng estratehiya sa pagsulat ng sariling kathang storybook.Ang mga nasuring pahayag na mula sa tugon ng mga partisipante tungkol sa estratehiya ng mga guro sa Filipino na nilapat upang mabuo ng sariling kathang storybook ay ang sumusunod na tema:pagpukaw ng interes;paglapat ng gintong aral;pag-ugnay sa karanasan ng mag-aaral; pag-akma sa kakayahan ng mambabasa; at pagpapaunlad sa kasanayan. Kaugnay naman sa mga hamon sa pagsulat ng mga guro sa Filipino na nagtuturo sa elementarya ngunit nakapagtapos ng pangsekundarya ay lumitaw ang sumusunod na tema: kakulangan ng karanasan ng mga guro; kahirapan sa paggamit ng angkop na salita; kawalan ng pagsasanay sa pagsulat; at kakulangan ng primaryang sanggunian.Tungkol naman sa mithiin at adhikain ng mga guro sa Fiipino, lumutang ang sumusunod na tema: mahimok ang mga gurong gamitin ang kagamitang pagtuturo;mapaunlad ang pagbasa at pagkatuto ng mag-aaral; mapayabong ang pagtaguyod ng kultura at wikang Filipino; mahikayat ang mga guro na maging manunulat;at mailapat ang nakapaloob na gintong aral sa nabasang storybook. Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat naglalayong bigyang-diin na himukin ang mga gurong manunulat sa Filipino gamit ang mga estratehiyang lumitaw upang marami pang kagamitang pampagkatuto ang mabubuo. Sa pamamagitan nito, maaaring maraming mga mag-aaral ang matutulongan at mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa.*

**MGA SUSING SALITA***: guro sa Filipino, storybook, estratehiya, sariling katha, mga mag-aaral, Mati, D*avao Oriental

## INTRODUKSYON

Ang pagbubuo at paglikha ng sariling kathang *storybook* ay isang malaking pangangailangan sa pagtugon sa kahinaan ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagbasa. Bagaman maraming mga estratehiyang inilalapat ang mga guro, ang mga estratehiyang akma sa konteksto at interes ng mga mag-aaral ang siyang tanging makalulunas sa naturang kahinaan. Subalit, ang paglikha ng sariling kathang *storybook* ay siyang malaking hamon sa mga gurong naghahandanito lalo pa at napakaraming panuntunang dapat isaalang-alang.

Isa sa mga bansang nakararanas ng kakulangan sa pagpapalawig ng teksto o akda sa pagkahihinuha ng mga mag-aaral ay ang bansang Taiwan kung kaya't ang mga guro ayon sa pananaliksik ay gumamit ng samot-saring estratehiya na naging epektibo at epesiyente para sa kanila. Ang estratehiyang ginagamit sa Taiwan ay sa tulong ng paggamit ng mga larawan bilang kagamitang biswal sa paglikha ng *storybook.* Ang pananaw na ito ay natutugunan ang kahirapan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto at kasanayang pagbabasa. Napag - alaman na nakakukuha ng mataas na marka kung nilalapatan ang teksto ng mga larawan (Pan, Y., at Yi-Ching, P., 2017). Dagdag pa rito, sa bansang China naman naging hamon din ang kasanayan sa pagbasa. Batay sa pananaliksik (Asif & Gouqing, 2023) na naglalayong siyasatin ang pag-uugali sa pagbabasa ng mga mag-aaral sa tulong ng mga *storybook* na may iba't ibang wika. Pagsasama-sama ng wika at kulturangsiyang mahahalagang elemento sa isang mahalagang aspekto ng pagkamit ng isang komprehensibo at mahusay na pagbabasa.

Sa bansang Indonesia, napag-alaman na mahina ang antas sa kasanayan sa pagbabasa ang mga mag-aaral. Nailarawan ang pagtuturo ng mga akda ay nakababagot at bumababa ang atensyon ng mga mag-aaral. Kung kaya, gamit ang *storybook* para sa Elementarya ay napagpasyahan na ito ay magpapasigla at nakapupukaw sa interes para sa kanilang pagkatuto at nilalapatan

ng mga estratehiyang akma sa kani-kanilang (Ratminingsih, et.al, 2020).Gayundin sa bansang China naman upang matugunan ang problema sa kasanayan sa pagbasa ang pagsasanay sa pagbabasa ng mga mag-aaal ay ginagamitan ng *storybook* lalo pa at bata pa sila. Sa pag-aaral ni Maximo (2019) nagpahayag na "nasisiyahan sa pagbabasa kapag sila ay may interes sa aklat". Iminumungkahi rin ng pag-aaral Maximo na ang pag-alam at paggamit ng mga espesyal na estratehiya sa pagbabasa ng mga *storybook* ay mabisa dahil tinutulungang mapanatili ang kanilang interes sa kuwento at tulay rin ito upang mapaabot sa mga mag-aaral ang pagiging epektibo sa pagbabasa.

Sa Pilipinas partikular na sa Leyte, maraming mga mag-aaral ang may kahinaa sa kasanayan sa pagbasa. Kaya, napagtanto ito ng mga gurong nagtuturo sa sariling wika na sa paggamit ng mga *storybook* ay nagiging epektibo ang pagtuturo kung natutugunan ang kanilang pangangailangan (Sua, 2021). Sa kanyang pag-aaral, inilahad na mas napabuti ang kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral matapos gamitin ang *storybook*. Kasama ang mga mungkahing: paggamit pa ng *storybook* sa loob ng silid-aralan; paghimok sa mga guro na gumamit ng iba't ibang kagamitan sa pagtuturo; at pagsasanay sa mga guro sa paglikha ng mga *storybook*.

Sa Calamba, Laguna ay naging hamon din ang kasanayan sa pagbabasa. Ilang sa mga mag-aaral ay hindi marunong bumasa mas lalo na ang hindi maunawaan ang binasang teksto dahil tulay ang kasanayan sa pagbabasa tungo sa pag-unawa. Maaaring marunong magbasa ang isang tao ng ilang salita, ngunit ang pag-unawa ay isang bagay na binuo, ginagawa, natutuhan, at nararanasan sa paglipas ng panahon (Cariag at Quimbo, 2022).

Samantala, sa Lungsod ng Mati, Probinsya ng Davao Oriental naman ay isa sa mga problema ng mga guro ay mababa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa kung kaya may mga guro sa Filipino na nagtuturo sa Elementarya ay bumuo at lumikha ng isang sariling kathang *storybook* alinsunod sa *DepEd Order Memorandum No*. 078, s. 2022 na"Pansangay na Paligsahan sa Pagsulat ng Kuwentong Pambata- Dibisyon na Lebel".Ayon dito, ang nakaeengganyong pagbabasa ng*storybook* para sa mga bata ay may mahalagang papel sa pagsasara ng mga puwang sa pagbasa. Ang mga guro sa Filipino ay isinaalang-alang ang pangangailangan ng mga mag-aaral upang makabuo ng sariling kathang *storybook*at sila'ygumamit ng mga estratehiyang tutugon dito. Higit na epektibo ang mga likhang ito ng mga guro dahil kontekstuwalisado ang pangyayari, lugar at kagamitan sa pagbuo ng *storybook* na siyang nagreresulta na madaling matuto sa pagbasa at mauunawan ang kanilang binabasa dahil sa taglay nitong larawan at iba pang istilo. Kaya naman, bilang mananaliksik, ang dalumatin ang estratehiya ng mga gurong ito sa paglika ng *storybook*ay masmakatutulong upang lalo pang mabatid ang kasanayan, kabuluhan, at karanasan ng mga ito lalo na sa paglalapat nito bilang kagamitang pampagtuturo sa Elementarya.

May mga naisawagang pag-aaral hinggil sa paggawa ng isang maikling kuwento, isa na rito ang pananaliksik ni Musaljon (2019) na ang paggawa ng isang maikling kuwento ayon sa Modelong *Mind Mapping* ay sumulat muna ng isang *keyword* mula sa napiling tema sa gitna ng papel. Ang tema noon ay inilarawan sa mga sangay sa anyo ng mga elemento ng maikling kuwento na kinabibilangan ng daloy, karakterisasyon, tauhan, tagpuan, ang punto de bista, at wakasan ang napiling kuwento. Dagdag pa rito, may mga karagdagan na paraan sa pagbuo ng isang *storybook* na kinabibilangan ng ilang proseso sa pagkolekta at pagbibigay ng materyal, pagsulat ng iskrip, at pagdidisenyo ng mga larawan.Ginamit nina Astuti at Iskarna (2022) ang modelong ADDIE sa pagbuo ng kanilang *digital storybook* para sa bata. Gayunpaman, wala pang nailimbag na pag-aaral na sumasalamin sa mga estratehiya ng mga guro sa paglikha ng *storybook* sa Dibisyon ng Lungsod ng Mati. Gayundin, sa kasalukuyan ay limitado ang mga kaugnay na literatura sa mga karanasan at kasanayan sa paggawa ng sariling *storybook* sa lokal na konteksto at hindi nabigyang-tuon ang karanasan, mga kinakaharap na hamon at mithiin ng mga guro.

Mahalagang maisagawa ang pag-aaral na ito upang makapagbigay ng agarang impormasyon sa iba pang guro sa Filipino sa mga estratehiya maaaring gagamitin upang makabuo ng isang *storybook* na siyang magagamit ng mga mag-aaral na lokal. Gayundin ay makatutulong ang pagnanaliksik na ito sa mga guro sa Filipino na magkaroon ng kagamitang pampagkatuto upang matugunan ang problema ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagbasa. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito mababatid ng kinauukulan lalo na sa ahensya ng Kagawaran ng Edukasyonat makapagbigay aksyon na magsasagawa ng mga pagsasanay at palihan hinggil sa kasanayan sa pagbuo ng sariling kathang *storybook*.

**Layunin ng Pananaliksik**

Sa pananaliksik na ito ay ginalugad ang mga estratehiyang ginamit at nilapat ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng sariling kathang *storybook*, na siyang nagsilbing lunsaran o kagamitang pampagtuturo tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga partisipante ng pag-aaral na ito ay ang mga guro sa Filipino na sumali sa ginawang patimpalak sa pagbuo ng *storybook* sa Dibisyon ng Lungsod ng Mati.

Ang pokus ng pag-aaral na ito ay ang paggalugad sa mga estratehiya ng mga guro sa Filipino ay nabatid nang husto ang mga tiyak na estratehiya o pamamaraan na inilapat at pinagbatayan ng mga guro sa pagbuo ng sariling kathang *storybook* maging ang likod ng karanasan sa paghahanda, hamon sa pagbuo, at adhikain para sa ikauunlad ng kasanayang pagbasa.

**Mga Katanungan ng Pananaliksik**

1. Ano-ano ang mga estratehiya ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng sariling kathang *storybook?*
2. Ano-ano ang mga hamon na nararanasan sa pagbuo ng sariling kathang *storybook* ng mga guro sa Elementarya na nagtuturo ng Filipino na nakapagtapos ng BSED Filipino?

3. Ano-ano ang mga mithiin at adhikain ng mga guro sa Elementarya na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa pagbuo ng sariling kathang *storybook*?

## METODOLOHIYA

Isang kwalitatibong pananaliksik ang pag-aaral na ito. Ito ay nakatuon sa klase-klaseng metodolohikal na tradisyon sa pagtatanong na nag sasaliksik sa isyung panlipunan o pantao (Creswell, 2013). Dagdag pa rito, Generik na Kwalitatibo ang ginamit na disenyo dahil naka pokus ito sa estratehiyang ginamit ng mga gurosa Filipino sapagbuo ng sariling kathang storybook. Sa pananaliksik naito ay mas angkop na gagamiting metodo ay generik nakwalitatibo. Ang generik na kwalitatibong pananaliksik ay isang deskriptibong metodolohiya na naglalayong tuklasin ang pagbibigay kahulugan ng tao ang mga sitwasyon batay sa "kung ano ang pinakamahusay na gagana" sapagtugon sa mga layunin ng pananaliksik. Angkop nagagamitin para sapag-aaral na iton ang makuha at mailahad ng piling kalahok sa pagbibigay datos hinggil sa estratehiya na ginamit ng guro sa pagbuo ng sariling kathang storybook.

Sa pananaliksik na ito ang pinagkunan ng datos ay mga guro sa Filipino na nakapagtapos ng BSED Filipino na nagtuturo sa Elementarya. Nagmula ang mga partisipante sa pampublikong paaralan na napabibilang sa Dibisyon ng Mati City, Probinsya ng Davao Oriental. Pinili ng mananaliksik ng labing-apat (14) partisipanteng mga guro sa Elementarya na nagtuturo ng asignaturang Filipino. Sa napiling kalahok, ang pito (7) ay sa pamamagitan ng pinalalim na panayam at pito (7) ay sa pokus na pangkatang diskusyon.

Higit pa rito, Pinili ang mgakalahok sa paraang purposive sampling technique.Sa mga napiling kalahok sila ay dumaan sa krayterya o pamantayan upang mapabilang sa pagkukunan ng datos sa pag-aaral: (1) kinakailangan ay permanenteng kawani ng gobyerno o opisyal na aytem na sa pampublikong paaralan saklaw ng Dibisyon ng Mati, Probinsya ng Davao Oriental; (2) guro na nakapagtapos ng BSED Filipino nanagtuturo ng asignaturang Filipino sa Elementarya; (3) dapat isa sa mga kalahok ng "Pansangay na Paligsahan sa Pagsulat ng Kuwentong Pambata- Dibisyon na Lebel" at (4) maaaring bago pa o matagal na sa serbisyo ang gurong ito. Hindi saklaw sa pagpili ng mga partisipante sa pananaliksik na ito ang sumusunod: (1) gurosa Filipino na nagtuturo sa Sekundarya at (2) guro sa Elementarya na nagtuturo sa pribadong paaralan.

Maliban dito, ang coding ay gagamitin upangtukuyin, ayusin, at kategoryahin ang mgasagot ng mga kalahok sa panahon ng mga panayam upang makabuo ng kontekstwalisadong mga pangunahing ideya hinggil dito. Sa pag-aaral na ito, gagamitin din ang tematikong pagsusuri pagkatapos i-coding ang mga ideya at konsepto mula sa mgasagot. Sa proseso ng pag-aaral na ito, ipagtatanto rin ang mga etikal na konsiderasyon upang mapangalagaan ang kapakanan ng mgakalahok.

## MGA RESULTA

**Talahanayan 1**
**Mga Pangunahing Tema at mga Idea Tungkol sa mga Estratehiya ng mga Guro sa Filipino sa Pagsulat ng Sariling Kathang *Storybook***

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Idea |
|---|---|
| Pagpukaw ng Interes | • Paggawa ng mga kuwento na hindi nakababagot sa mga mag-aaral<br>• Pagsanib ng edukasyon na nakaaaliw<br>• Pag-alam sa interes at karanasan ng mga mag-aaral<br>• Pagkuha ng interes kapag nabasa nila ang kuwento<br>• Pagpapaunlad sa komprehensyon sa pamamagitan ng hatid nitong aliw<br>• Pag-aangkop sa panahon upang makuha ang interes ng mag-aaral<br>• Pang-aangkop sa kultura nang makukuha ang interes ng mga mag-aaral |
| Paglapat ng Gintong Aral | • Paggawa ng kuwento na may aral na nakabatay sa aralin<br>• Pagbabatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral lalong-lalo na ang paglalapat sa mga gintong aral<br>• Paglalapat sa pagbibigay-halaga ng papel ng tauhan na mapulot sa *storybook* |

| | |
|---|---|
| | • Pagsulat ng makabuluhang katha at kapupulutan ng aral na angkop sa mag-aaral<br>• Pagpapabuti sa kanilang paglaki at pagkatuto |
| Pag-ugnay sa Karanasan ng Mag-aaral | • Pag-uugnay sa pangyayari sa paligid, at sariling karanasan<br>• Paggawa ng kuwento na batay sa makikita sa komunidad ng Mati at sa kinagisnan na tirahan<br>• Paggamit ng mga pangalan ng bagay at lugar na pamilyar ang mga mag-aaral<br>• Pagbatay sa sariling karanasan, pagiging kontekstuwalisado, at paggamit ng malawak na imahinasyon<br>• Pag-uugnay sa totong buhay o sariling karanasan nang maramdaman ng mga mag-aaral ang bawat sitwasyon<br>• Pagiging sensitibo dahil may iba't ibang kultura, ugali, pangangailangan ang mga mag-aaral<br>• Pag-uugnay sa pang-araw-araw na ginagawa ng mag-aaral sa loob at labas ng paaralan<br>• Pagkakaroon ng malayang kaisipan na maiugnay ng mag-aaral ang kanilang karanasan<br>• Pagsasaalang-alang sa kultura,relihiyon at paniniwala ng mag-aaral<br>• Pagiging inklusibo sa materyal hindi lamang nakatuon sa Kristiyano maging sa Islam din |
| Pag-akma sa Kakayahan ng Mambabasa | • Pag-aakma sa baitang at mabusisi sa pagpili ng tamang salita<br>• Pagbabatay sa pangangailangan ng mag-aaral sa silid-aralan<br>• Pagsaalang-alang sa paggamit ng salita at sinisigurado ng guro na madaling maunawaan ng mambabasa<br>• Pagkonsidera sa kakayahan ng mambabasa na nakaangkla sa kompetensi<br>• Pag-uugnay sa kakayahan ng mag-aaral sa elementarya<br>• Pagkonsidera sa edad ng mag-aaral<br>• Pagkonsidera sa talino ng mag-aaral<br>• Pagkuha sa datos o kakayahan ng mag-aaral upang malaman ng guro kung paano tugunan<br>• Paglalapat ng estratehiya na angkop sa kompetensi<br>• Pagtukoy sa kasanayang pampagkatuto upang mabigyan ng atensyon kung anong antas ng mag-aaral ang gagamit |
| Pagpapauunlad sa Kasanayan | • Pagpapaunlad sa kaalaman, at impormasyon sa paggawa ng *storybook*<br>• Pagsangguni sa mas nakaaalam ng pagsulat ng kuwento upang lumawak ang isipan<br>• Pagpapalawak sa imahinasyon sa pamamagitan ng pagbabasa ng aklat o kuwento<br>• Pagdalo sa palihan, seminar at workshop sa pagbuo ng *storybook*<br>• Pakikipag-ugnayan sa kapuwa guro na manunulat |

| | |
|---|---|
| | • Pagdulog sa eksperto upang maging akma, wasto, at naaayon sa pinapatupad ng kagawaran<br>• Pananaliksik at pag-aaral ng guro ng estratehiya sa pagsulat<br>• Pagbabasa ng mga kuwento na nasa realidad o totoong nangyari sa buhay<br>• Pagmamasid sa mga estilo na ginamit ng mga manunulat upang makakuha ng idea at estilo na puwedeng ilapat sa pagsulat |

**Talahanayan 2**
**Mga Pangunahing Tema at mga Idea Tungkol sa mga Hamon na Nararanasan sa Pagbuo ng Sariling Kathang *Storybook* bilang Guro na Nakapagtapos ng Sekundarya sa Filipino ngunit Nagtuturo sa Elementarya**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Idea |
|---|---|
| Kakulangan ng Karanasan ng mga Guro | • Hindi angkop ang lawak ng kaalaman ng guro sa elementarya<br>• Kakulangan ng guro sa kasanayan sa pagtuturo ng elementarya<br>• Nahihirapan ang guro na mag-isip ng konseptong sa elementarya dahil nakasanayan niya ang konseptong pang-Sekundarya<br>• Kakulangan sa estratehiya at teknik ng guro sa pagsulat ng *storybook*<br>• May limitasyon lamang ang kaalaman ng guro sa elementarya kaya dumalo ng palihan at workshop para maihasa pa ang kaalaman |
| Kahirapan sa Paggamit Angkopna Salita | • Nahihirapan ang guro na gumamit ng akmang salita na angkop sa baitang ng mag-aaral<br>• Kawalan ng idea kung paano iakma ang kagamitang pampagtuturo na gagawin ayon sa antas at kaalaman ng mag-aaral<br>• Nahihirapan ang guro sa pagsulat ng kontekstuwalisadong *storybook*<br>• Hindi sigurado ang guro kung ang mga tanong akma sa mag-aaral<br>• Nababahala ang guro kung paano makikiayon sa mga salita nang maiintindihan ng batang mambabasa |
| Kawalan ng Pagsasanay sa Pagsulat | • Walang masyadong pagsasanay ang guro sa pagsulat<br>• Hindi masyadong nakasali sa mga seminar at palihan ukol sa pagsusulat<br>• Hindi lahat ay nabigyan ng pagkakataon na makasali sa pagsasanay<br>• Hindi makapokus sa pagsasanay ng pagsulat ng katha dahil maraming gawain sa paaralan |
| Kakulangan ng Primaryang Sanggunian | • Limitado lamang ang mga sanggunian na mapagkukunan ng guro<br>• Walang masyadong guro pa ang nakagawa ng mga kontekstuwalisadong akda<br>• Kakulangan ng badyet upang makalimbag pa ng mga sanggunian<br>• Hindi madaling makakuha sa internet ng mga primaryang sanggunian |

**Talahanayan 3**
**Mga Pangunahing Tema at mga Idea Tungkol sa mga Mithiin at Adhikain ng mga Guro sa Elementarya na Nagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Pagsulat ng Sariling Kathang *Storybook***

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Idea |
|---|---|
| Mahimok ang mga Gurong Gamitin ang Kagamitang Pagtuturo | • Sa pamamgitan ng *storybook* ay mabigyang buhay ang pagkatuto upang hindi lang sila nakapokus sa mga gadyets at mga teknolohiya<br>• Mabigyang buhay ang klase at mapukaw ang interes ng mag-aaral para matuto<br>• Maiwasang mabagot ang mag-aaral<br>• Makagawa ng akda upang makuha ang atensyon ng mag-aaral sa paghasa sa pagbasa<br>• Maengganyo pa ang mga gurong gumawa ng sariling kathang *storybook* |
| Mapaunlad ang Pagbasa at Pagkatuto ng Mag-aaral | • Malilinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral<br>• Magagamit ang *storybook* ng guro tungo sa pag-unlad ng kakayahan ng mag-aaral sa pagbasa at pagsulat<br>• Mahasa pa ang kakayahan sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Iyan ang motibasyon ng guro sa pagsulat ng *storybook*<br>• Matulungan ang mag-aaral sa pamamagitan ng naisulat na kwento<br>• Maihatid sa mag-aaral ang nararapat na kasanayan upang mapaunlad ang makrong pagbasa<br>• Mapag-ibayo ang pagkatuto at paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo<br>• Makuha ang interes ng mag-aaral sa pamamagitan ng sinulat na akda na nagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa |
| Mapayabong ang Pagtaguyod ng Kultura at Wikang Filipino | • Mapayabong pa ng mag-aaral ang kaalaman sa wikang Filipino at kutura<br>• Maitaguyod ang wika sa pamamagitan ng naisulat na akda dahil ito ay pundasyon sa pakikipagkomunikasyon<br>• Sa tulong ng *storybook* ay magiging tama, akma, at makakukuha ang mga mag-aaral ng panibagong salita sa Filipino<br>• Magbigay inspirasyon na mahalin ang wikang Filipino, kalakip dito ang pagpapanatili ng kultura, at mapasigla ang pagbabasa at pasusulat ng mag-aaral |
| Mahikayat ang mga Guro na Maging Manunulat | • Mabigyan ng panahon at pagkakataon ang mga guro na makapagsulat ng sariling katha<br>• Matugunan ang pangangailangan ng sapat na pundo upang mailimbag ang mga kuwentong nasulat<br>• Masuportahan ang mga gurong manunulat ng Filipino storybook na naglalayong tumugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino |

| | |
|---|---|
| | • Mabigyang halaga ang mga naisulat na katha sa pamamagitan ng paglilimbag at pagpapamudmod nito sa mga mag-aaral sa internet<br>• Mapaibayo ang mga oportunidad para sa mga gurong nakapagtapos ng pagtuturo sa sekundarya na kasalukuyang nagtuturo sa elementarya upang malinang ang kakayanan sa pagsusulat<br>• Magkaroon pa ng mga palihan at pagsasanay sa pagsusulat ng akda |
| Mailapat ang Nakapaloob na Gintong Aral sa Nabasang *Storybook* | • Maisabuhay ang kagandahang asal na nailapat sa *storybook*<br>• May mapupulot na moral o kagandahang asal<br>• Maikma sa Core Values ng Kagawaran ng Edukasyon ito ay ang pagiging Maka-Dios, Makakalikasan, Makabansa, at Makatao.<br>• Mailimbag ang mga kathang kapupulutan ng aral na maisasabuhay ng mga mag-aaral<br>• Makapagbahagi ng sariling karanasan na kapupulutan ng aral ng mga mambabasa<br>• Matulungan ang mambabasa na maisabuhay ang mga aral sa kuwento upang maging handa sa mga hamon ng buhay<br>• Magsilbing inspirasyon ang akda na magagamit ng mga mag-aaral sa buhay |

## PANGWAKAS NA PAHAYAG

Ang pagiging guro ay isang hamon at hindi basta-basta. Sa pagtuturo, mahalaga ang mga kagamitang pampagtuturo tulad ng storybook upang mahikayat ang interes ng mga mag-aaral. Ang layunin ng pananaliksik na ito ay alamin ang mga estratehiya ng mga guro sa pagsulat ng sariling kathang storybook at unawain ang mga hamon at mithiin nila. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga tugon ng mga guro, natuklasan na ang bawat isa ay may kanya-kanyang paraan ng pagsusulat batay sa kanilang layunin at mensahe para sa mga mag-aaral.

Sa kabila ng mga hamon, mahalaga ang suporta sa mga guro upang malinang ang kanilang mga kasanayan. Maraming guro ang hindi nabibigyan ng sapat na pagkakataon upang linangin ang kanilang sarili dahil sa dami ng gawain sa kagawaran. Gayunpaman, mahalaga na bigyan ng pansin at oportunidad ang pagpapalakas ng kasanayan ng bawat guro sa pagsusulat at iba pang larangan.

Sa huli, kahit na may mga pagsubok at unos sa buhay, hindi dapat mawalan ng pag-asa ang sinumang nagnanais makamit ang kanilang mga pangarap. Ang pag-aaral at pag-abot ng diploma ay patunay na ang determinasyon at pagtitiyaga ay susi sa tagumpay. Sa pamamagitan ng pusong handang harapin ang mga pagsubok, walang makakahadlang sa pag-abot ng mga pangarap.

## REKOMENDASYON

Sa mga natuklasan mula sa pananaliksik, may ilang rekomendasyon na maaaring pagtuunan ng pansin para sa mga susunod na pag-aaral. Una, mahalaga ang pagpapalawak sa pagsusuri sa mga estratehiya ng mga guro sa pagsulat ng kagamitang pampagtuturo. Maaaring isaliksik ang iba't ibang paraan at pamamaraan ng pagsusulat upang mas mapalawak ang kaalaman sa larangang ito. Pangalawa, dapat pagtuunan din ng pansin ang pagbibigay ng suporta at oportunidad sa mga guro upang magsulat ng sariling kathang storybook. Ang pagtutok sa mga hamon at pangangailangan ng mga guro sa pagsulat ay maaaring magdulot ng mas malawakang pag-unlad sa kanilang mga kasanayan.

Pangatlo, mahalaga rin na suriin ang iba't ibang kagamitan at estratehiya na maaaring makatulong sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagbasa. Maaaring isaliksik ang mga alternatibong kagamitan at pamamaraan upang mas mapalawak ang kaalaman ng mga guro at mag-aaral sa larangang ito. Sa huli, maaaring bigyan ng pokus ang mga paraan upang mahimok ang mga guro na magsulat ng kontekstuwalisadong akda. Mahalaga ang pagbibigay ng suporta at insentibo sa mga guro upang maisakatuparan ang kanilang mga layunin at adhikain sa pagsulat ng kagamitang pampagtuturo. Sa pamamagitan ng mga rekomendasyon na ito, mas mapapalawak at mas mapapalalim ang pag-unlad ng mga guro sa kanilang mga kasanayan sa pagsulat at pagtuturo. Ang mga susunod na pag-aaral ay maaaring magsilbing gabay upang mas mapabuti pa ang kalidad ng edukasyon at pagtuturo sa bansa.

## TALASANGGUNIAN

1. *Asif, M. & Gouqing,Z. (2023). Unlocking learning: a study of reading habits and attitudes towards chinese themed books in*

*Pakistan. E-Publication: Online Open Access. Vol: 42 Issue: 02-2023.DOI 10.17605/OSF.IO/XPH36.*

2. *Astuti, E.P. & Iskarna, T.(2022). Transformation from Conventional to Digital Storytelling as Learning Method in English Conversation Courses.International Journal of Linguistics, Literature and Translation. www.al-kindipublisher.com/index.php/ijllt*
3. *Cariag, R.V. & Quimbo, M.T. (2022). Assessing reading comprehension difficulties in core science subjects of senior high school students in a private school in Calamba City, Philippines. International Journal of Curriculum and Instruction 14(3) (2022) 1983- 2010. https://orcid.org/0000-0002-4179-333X*
4. *Creswell, J. W. (2013). Research design: qualitative, quantitative, and mixed methods approaches. (3rd ed.). SAGE Publications. https://www.researchgate.net/publication/225083951_Research_Design_Qualitative_Quantitative_and_Mixed-Method_Approaches*
5. *Maximo, M. (2019). Storybook reading strategies to enhance English skills with preschool children in Honduras. ParadigmaRevista De InvestigaciónEducativa, 26(41), 46–68. https://doi.org/10.5377/paradigma.v26i41.7975*
6. *Musaljon,(2019). Development of Short Story Learning with a Model Mind Mapping in Students of Class xi Multimedia Vocational School of wira buana 1 bogor. 10.31227/osf.io/r8j6p.*
7. *Pan, Y., & Yi-Ching, P., (2017). The Effect of Picture Story Books on Students' Reading Comprehension. Advances in Language and Literary Studies. : http://dx.doi.org/10.7575/aiac.alls.v.8n.2p.213*
8. *Ratminingsih, N. M., Budasi, I. G., & Kurnia, W. D. A. (2020). Local culture-based storybook and its effect on reading competence. International Journal of Instruction, 13(2), 253–268.*
9. *Sua, F.T. (2021). Effectiveness of Story Books in Improving the Performance of Grade II Pupils in Reading. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2021/07/FLORDELIZA-T.-SUA.pdf.*